

1

Kasalukuyang nagaganap ang isang malaking sunog sa isang gasolinahan sa Makati. It wasn't a pleasant sight, Guy mumbled to himself as the fire engine drew to a stop near the fire scene.

Ayon sa initial report, isang deranged activist ang nagpasabog ng bomba sa mismong gasolinahan, in fits of rage dahil sa walang patumanggang oil price hike, killing himself and several innocent civilians na nasa vicinity nang maganap ang pagsabog.

Pinaniniwalaang patay ang lahat ng attendant ng gasolinahan, ilang customers na nagpapakarga ng fuel at ilang bystanders. Affected din ang mga sasakyan na kasalukuyang naka-stop sa two-way service road na sumasakop dito.

Guy jumped off. May ilang units na mula sa iba't ibang substation ng *Makati Fire Department* ang naunang mag-respond sa emergency. Naka-standby na rin sa di-kalayuan ang mga EMS vans.

Kasalukuyang binobombahan ng tubig ang ilang bahay na natupok na rin sa residential area na nasa likod lamang ng nasusunog na establishment. Ang ilang fire trucks naman ay direktang binobombahan ng tubig na may halong fire retardant chemical ang gasolinahan.

Nagulantang sila sa sunud-sunod na pagsabog na nag-nap.

Isa-isang nagliyab ang mga nakaparadang sasakyan na direktang nasa path ng rumaragasang apoy. Lumikha iyon ng isang animo nag-aapoy na gate sa kanilang unahan, making it difficult for them to reach the opposite side na mas nanganganib dahil papunta roon ang direksyon ng hangin.

“Listen, guys,” sabi ng kanilang fire marshall. “The situation on the opposite end is not good. Twenty minutes pa bago makarating ang ibang mga back-up. Traffic on that side will not be easy to divert dahil puro one-way ang mga daan. Based sa aerial feedback, bukod sa maliliit na tindahan, nasusunog na rin ang three-storey high na commercial building.”

“What about the civilians?” tanong niya.

“May mga pulis na in-charge sa crowd control. But that’s all we have. May isang engine tayo na nakatawid bago pa ang pagsabog. Pero hindi nila kakayanin ang apoy.”

Napatiim-bagang siya.

He had been a firefighter and a member of the *Makati Fire Department* for almost seven years. Their department had been acclaimed as the best fire department in the NCR region dahil na rin sa low fire incidence rate. Mahigpit ang local government sa pagpapatupad ng fire code at mabigat ang parusang ipinapataw sa mga lalabag dito. Kaya naman bibihirang magkaroon ng sunog sa lugar nila na itinaas sa general alarm.

But this is an isolated incident. At sa itinagal niya sa serbisyo,

ngayon lang siya nakaranas ng ganito kalalang sitwasyon. Mabuti na lamang at well-trained sila at may maayos na equipment, hindi nga lamang kasing-modern katulad ng nasa ibang bansa. But they make do with what they have, which, fortunately surpass that of other local fire department units. Ang mahalaga ay ang skills nila sa firefighting.

“We have to think of something to contain this fire. Hindi natin ito mapapatay kung patuloy itong gagapang sa ibang structures.”

Just then, isang malakas na pagsabog uli ang kanilang narinig. Ang ibang firefighters ay tinutulungan ang kanilang mga kasamahan na nagulantang ng pagsabog, scampering away from the fire scene. Another explosion rocked the other end as another parked car was engulfed by flames.

“Kailangan nating makatawid sa kabilang side,” aniya. Tumango ang kanyang mga kasama. “Anu-anong establishment pa ang p’wedeng madamay?”

“Pagkatapos ng commercial complex ay isang abandoned tenement compound, more or less five thousand square meters ang land area. May isang metrong alley, a tree-laden private lot, isang lumber store at pagkatapos ay isang LPG refilling station,” saad ng fire chief.

Nagkatinginan sila; pareho lang ang kanilang naiisip. If the fire continues on its track, hindi malayong maabot din nito

ang LPG refilling station. Then they will be faced with a possible blow-up.

“We need to create a fire break, men.”

Sabay-sabay silang napatango.

May tatlong components ang apoy: heat, fuel at oxygen. Eliminate one component and you can easily suppress a fire. Ang karaniwang ginagamit na technique ng mga firefighters sa pag-apula ng isang sunog ay ang direct attack sa fuel o combustible materials, and an indirect attack of creating steam to control the rise in temperature.

Sa kanilang sitwasyon, ang fire break ay ang pagtatanggal ng combustible materials sa direktang daanan ng apoy upang mapigilan ang paggapang nito. Isang paraan din ito para ma-contain at tuluyan na itong maapula.

Madalas itong gawin kapag may wildland fires, pero bihirang i-apply sa mga urban areas dahil na rin sa limit ng space at sa destructive nature nito. One wrong move, and it could make the situation worst than abated.

“Here. Ito lang ang option natin to create a fire break,” turo niya sa abandonadong tenement building. Naka-schedule na iyon for demolition.

Nang sumang-ayon ang kanyang mga kasama ay nagplano na sila kung paano ito patutumbahin.

Nagkasundo na magtatanim sila ng explosives sa base ng building at i-synchronize ang pagpapasabog. If they're lucky, the building will collapse, creating a gap between the unaffected structures and the raging fire.

And if they're not?

Guy shuddered at the very thought. Pero ayaw niyang isipin na mabibigo sila. And personally, hindi niya hahayaang talunin siya ng apoy.

With a go-signal from their superiors, nag-request sila ng C-4 explosives. Wala pang sampung minuto ay naka-airlift na sila sakay ng isang rescue helicopter ng *PAF*. Pagdating sa kabilang banda ay nag-rape na lamang sila pababa sa isang safe area na ilang yarda lamang ang layo sa target nilang tenement building.

With explosives in hand, katulong ang ilang mga military personnel ay pinasok nila ang loob ng building. Mabilis ang mga kilos na ikinabit nila ang pampasabog sa strategic na bahagi ng ground floor. They only have ten minutes to complete the task and escape.

“All done! Let's get out!”

Maliksi silang tumakbo palabas with barely five minutes left bago mag-collapse ang buong building. Malapit na sila sa exit nang may biglang sumabog sa kabilang building, sending them to the ground.

Nagkaroon ng bahagyang tremor sa loob. Hindi pa man nakakatayo si Guy nang bumagsak sa kanya ang isang malaking bahagi ng concrete ceiling na sumusuporta sa second floor. Tumama iyon sa sentido niya.

Napahiyaw siya sa gumuhit na sakit.

Itinayo siya ng mga kasama at hinila palabas. Hustong marating nila ang safe ground nang sunud-sunod na pagsabog ang yumanig sa kanilang kinalalagyan. And right before them, the tenement building collapsed. Noon naman nakarating sa area nila ang ilang fire trucks. Walang inaksayang mga oras ang mga ito at kaagad na tumulong upang tuluyan nang maapula ang sunog.

Limang oras pa ang lumipas bago ito tuluyang naapula.

“Isang sunog na itinaas sa general alarm ang kasalukuyang naganap sa Makati City. Ayon sa nakalap na ulat, sampung tao ang hinihinalang nasawi at humigit-kumulang limampu naman ang sugatan sa pagsabog na naganap sa isang gasolinahan na siyang naging sanhi ng sunog. Kabilang sa mga nasawi ang arsonist na kinilalang si Ismael Librado.”

Natigil si Shelly sa pagtotoon ng kanyang gitara nang marinig ang news sa radio.

“Grabe na talaga ang panahon ngayon, ano? Kung hindi kalamidad, krimen naman ang mababalitaan mo. Hindi na talaga

ako magtataka sa mga sabi-sabing magugunaw na ang mundo,” ani Loren, kasama niyang vocalist ng bandang *Faithful Heart*.

“Huwag ka ngang magsalita nang ganyan, Loren. Kinikilabutan ako sa iyo,” sabad ni Samantha, keyboardist nila.

“Oo nga. Napaka-morbid mo talaga kahit kailan.” Umugong ang tunog ng drums ni Kayla.

Hindi nagkomento si Denz, bass player nila at pinakatahimik sa grupo.

Napailing siya sa kakulitan ng mga kasama. Naroon sila sa terrace ng bahay ni Loren sa Lucban dahil may rehearsal sila para sa gig nila kinabukasan.

Magkakabarkada silang sabay-sabay na nagtapos sa iisang kolehiyo. Dahil lahat sila ay may passion sa musika, nagkasundo silang bumuo ng isang banda imbis na mag-apply ng trabaho. So far ay hindi nauubusan ng gig ang *Faithful Heart*. Iyon nga lang, hindi pa sila nabibigyan ng malaking break. But they were optimistic na darating din ang panahon na makikilala sila bilang isang sikat na all-girl band sa buong Pilipinas.

“Mabuti pa, mag-rehearse na tayo,” suggestion ni Kayla.

“Shelly, i-off mo na iyang stereo.”

Pipihitin na lamang niya ang switch nang muling magsalita ang news anchor.

“Kapapasok pa lamang pong balita. Kaugnay pa rin po ng sunog na nagaganap sa Makati, isang firefighter po ang kumpirmadong malubhang nasugatan. Kinilala itong si F/Insp. Gustavo Panganiban ng Makati City Fire Department...”

The newscaster’s voice trailed off. Hindi na inintindi ni Shelly ang ibang sinabi nito. Isang pangalan ang paulit-ulit na umukilkil sa kanyang isip.

Guy...

“Hoy, Shelly! Bakit natulala ka na diyan? Kilala mo ba ’yung taong binanggit sa radio?” tanong ni Loren.

“H-ha?” Wala sa sariling napatingin siya sa mga kasama. All eyes stared at her with questioning looks. “H-hindi! I-imposibleng siya iyong... kakilala ko.” Dinampot niya ang gitara. “Mag-practice na nga tayo.”

Habang ni-re-rehearse nila ang kanilang mga kakantahin ay hindi mawala sa isip ni Shelly ang narinig na balita. Napaka-common ng pangalan ni Guy at posibleng kapangalan lang nito ang sinabing malubhang nasugatan. Pero iba ang kaba niya. At kanina pa may nagbubulong sa kanyang si Guy nga ang taong iyon.

“Shelly...”

Napatingin siya sa mga kasama.

“Intro mo na dapat,” sabi ni Loren. Nakamata lang ang mga

ito sa kanya, with worried expressions on their faces.

“May problema ka ba? Parang kanina ka pa wala sa sarili. Mula nang marinig mo iyong balita...” Denz approached her and laid an arm on her shoulder.

Napabuntong-hininga siya at inilapag ang gitara. Pinalibutan siya ng apat na dalaga.

“Pasensya na kayo, ha?”

“Bakit ba? Ano ba’ng gumugulo sa iyo?”

“Iyon kasing name na binanggit ng newscaster. Para kasing... si Guy iyon.”

Nagkatinginan ang mga kabanda niya.

Bilang matalik niyang kaibigan, open book ang buhay niya sa grupo. Alam ng mga ito ang lihim niyang damdamin sa kababata at kaibigang si Guy.

“Sure ka? Baka naman kapangalan lang niya?” tanong ni Kayla. Nakasalampak na sila noon sa sahig, their rehearsal totally forgotten.

Iyon ang gusto niya sa samahan nila. Kapag may problema isa man sa kanila, lahat sila ay naghahanap ng solusyon. And when one of them needs a shoulder to cry on, apat na pares ng balikat ang mag-o-offer ng comfort.

“Iyon nga ang paulit-ulit ko nang sinasabi sa sarili ko. Pero

iba talaga ang kaba ko. I'm positive that it's him."

"Ano ngayon ang balak mo?"

"Hindi ko pa alam, Sam. Gusto ko siyang puntahan at makita. Pero ayaw ko namang iwan kayo."

"Don't mind us, Shelly. Di ba usapan natin na uunahin natin kung ano ang mas mahalaga? Second priority lang natin ang banda," komento ni Loren.

"Oo nga. Alam namin kung gaano kahalaga sa iyo si Guy. You should see him," pagsegunda ni Denz.

Napangiti siya sa suportang ipinakita ng mga kaibigan.

"Pagkatapos na lang siguro ng gig natin this week. At saka, sigurado naman ako na may nag-aalaga sa kanya."

Nagtanguan ang apat.

"Tara na. Practice na uli tayo."

"Sure ka na okay ka na?"

"Oo. Kilala n'yo naman ako, basta nasabi ko na ang nasa loob ko, umo-okay na ang pakiramdam ko."

Tumayo siya at dinampot na ang gitara upang maipagpatuloy na nila ang rehearsal.